



FOREIGN WOMEN CANCER CARE

Rete territoriale
per la prevenzione
e la cura dei
tumori femminili

kanser
ng serviks

Elaborazione del testo: Claudia Di Loreto (AlMaC)

Questa pubblicazione è stata realizzata nell'ambito del Progetto "Foreign Women Cancer Care. Una rete territoriale per facilitare l'accesso alla prevenzione e alla cura dei tumori femminili" finanziato dal Ministero dell'Interno, nell'ambito del Fondo Europeo per l'integrazione di cittadini di paesi terzi 2007-2013. Partecipano al progetto: I.F.O. – Istituti Fisioterapici Ospitalieri (Roma), AlMaC, Ospedale San Giovanni Calibita Fatebenefratelli (Roma), Cooperativa Roma Solidarietà– Caritas (Roma), con la collaborazione e il patrocinio del Centro per la Pastorale della Salute del Vicariato di Roma.

AlMaC ringrazia il Dott. Luciano Mariani (Responsabile Responsabile HPV-UNIT Ginecologia Oncologica - Istituto Nazionale Tumori Regina Elena -Roma) per il supporto offerto alla realizzazione del progetto.

© AlMaC 2014. Tutti i diritti sono riservati. La riproduzione e la trasmissione in qualsiasi forma o con qualsiasi mezzo, elettronico o meccanico, comprese fotocopie, registrazioni o altro tipo di sistema di memorizzazione o consultazione dei dati sono assolutamente vietate senza previo consenso scritto di AlMaC.

Pur garantendo l'esattezza e il rigore scientifico delle informazioni, AlMaC declina ogni responsabilità con riferimento alle indicazioni fornite sui trattamenti, per le quali si raccomanda di consultare il medico curante, l'unico che possa adottare decisioni in merito.

indice

Introdaksyon	pahina 3
Pangkalahatang Impormasyon	pahina 5
Ang Pag-iwas	pahina 7
Ang Diagnosis	pahina 11
Ang Lunas	pahina 13
Pagkatapos ng therapies	pahina 18



Introdaksyon

Ayon sa pinakahuling survey, ang kakulangan sa impormasyon at aspetong sosyal at kultural ay mga hadlang sa pagtanggap ng mga imigranteng kababaihan na nakatira sa bansang Italya sa mga benepisyong buhat sa National Health Service (SSN), gayun din ang pag-iwas, ang dayagnosis, at ang paggamot sa mga mayroong cervical at breast cancer. Sa kadahilanang ito ang sakit ay natutuklasan sa malubhang antas na at nagbibigay ng mababang pag-asa ng kagalingan.

Dahil dito, ay nagkaroon ng Foreign Women Cancer Care, isang proyekto ng AlMaC, para sa mga kababaihang nakatira o namumuhay sa Roma na may layuning maging madali ang partisipasyon sa mga proyekto ng pag-iwas at paggamot sa cervical at breast cancer sa tulong ng programa ng screening, diagnosis at angkop na lunas na matatagpuan sa IFO Regina Elena e San Gallicano, Ospedale San Giovanni Calibita Fatebenefratelli and Cooperativa Roma Solidarieta.

Bukod dito, ay mabibigyan din ng pagkakataon na matulungan ang mga kababaihan sa kanilang pinagdadaanan at maging bahagi ng mga grupo ukol sa kalusugan. Ang layunin ng proyektong ito ay upang makilala ang mga gawi at way of life ng mga filipina at mga chinese upang: maintindihan ang halaga at ang layunin ng pag-iwas; upang malaman ang mga benepisyo buhat sa National Health Service at malaman ang importansya ng maagang pagtuklas sa sakit na kanser.

Upang maging mas madali ang relasyon ng pasyente at ng duktur, ang proyektong ito ay nagbibigay rin ng tulong sa pamamagitan ng mga hinubog na linguistic-cultural mediators (english, tagalog at chinese) at mga psychologist.

Ang gabay na ito ay ipinapaliwanag sa mga simpleng salita kung ano ang cervical cancer, kung paano ito mapapagaling, ano ang mga maaaring

epekto ng paggamot dito at kung ano ang mga dapat gawin na magpapaginhawa sa pakiramdam habang ginagamot. Gayunpaman, tanging ang duktora lamang ang point of reference dahil siya lamang ang nakakakilala sa bawat pasyente at may kakayahang magpayo kung ano ang pinaka angkop na therapy para sa pasyente.

Kung mayroong mga katanungan o pag-aalinlangan, mag-log on lamang sa www.womenscancercare.it, kung saan matatagpuan ang mga mahahalagang impormasyon ukol sa diagnosis, pag-iwas at lunas ng cervical at breast cancer na inilaan para sa iyo; o maaaring lumapit sa AIMaC, kung saan matatagpuan ang mga dalubhasang makakasagot sa mga pangangailangan ng mga may karamdamang kanser at kanilang pamilya, mula Lunes hanggang Biyernes, mula alas 9 am hanggang 7 pm – toll free number 840 503579, e-mail info@aimac.it

Pangkalahatang Impormasyon

Ano ang tumor?

Ang katawan ng tao ay binubuo ng ibat-ibang uri ng selula, na nabubuhay, naghahati-hati at namamatay batay sa isang maayos at kontroladong mekanismo. Kung ang prosesong ito ay nagbago, ang paghahati ng selula ay hindi nagiging maayos, nagiging abnormal ang pagdami ng selula na nagbubunga ng pagkakaroon ng bukol na tinatawag na “tumor”.

Kapag ang selula ay mabagal ang paglaki at nanatili sa kinalalagyan nito at hindi kumalat sa ibang bahagi ng katawan, ang tumor ay tinatawag na benign. Maaari itong alisin sa pamamagitan ng operasyon at maaaring hindi na umulit.

Kung ang selula naman ay mabilis ang paglaki at ang bukol ay lumakali, ang tumor ay malignant. Sa kasong ito, kung hindi magsisimula sa paggamot nito, ang mga selula ay maaaring sakupin at talunin ang mga tissues na nakapaligid dito o ang kumalat, halimbawa sa pamamagitan ng blood circulation, hanggang sa makarating sa ibang organo kung saan nabubuo ang metastasis.

Ano ang Cervix?

Ang matris ay bahagi ng katawan ng babae kung saan ang fetus ay nabubuo sa pagbubuntis. Ang ibabang bahagi ng matris ay konektado sa vagina sa pamamagitan ng isang makipot na kanal na tinatawag na cervix. Sa pamamagitan ng kanal na ito ay lumalabas ang bata sa panganganak. Bukod sa cervix, ang mga duktora ay tinatawag din itong cervix uterina.



Ano ang mga risk factors ng tumor sa cervix?

Ang mga pangunahing risk factors ng tumor sa cervix ay ang mga:

- HPV (human papilloma virus) infection
- edad ng unang pakikipagtalik at ang bilang ng partner
- paninigarilyo
- pag-inom ng pills o gamot sa pagkontrol sa panganganak sa mahigit na sampung taon.

Ang Pag-iwas

Ano ang HPV?

Ang HPV ay isang pangkaraniwang virus na maaring ma-impeksyunan ang selula sa sex organ ng isang lalake o babae o minsan naman ay ibang bahagi ng katawan tulad ng lalamunan o dila. Ang impeksyon ay nalilipat sa pamamagitan ng hinding protektadong pakikipag-talik, tulad ng hindi paggamit ng condom.

Sa maraming kaso, ang organismo ay lumalaban at natatalo ang impeksyon, ngunit mababang bilang lamang ng may virus, sa paglipas ng panahon, ay maaaring mabago ang selula na bumubuo sa cervix. Upang maiwasan ang impeksyon, ay ipinapayo ang magpabakuna.

Ano ang CIN o Cervical Intraepithelial Neoplasia?

Ito ang ginagamit ng mga duktor para maipaliwanag kung paano naapektuhan ang mga selula sa cervix na nabubuo pagkatapos ng HPV infection. Maraming klase ng HPV, ngunit kakaunti lamang ang nagiging sanhi ng CIN. Partikular ang uri ng 16 at 18 ang dahilan ng higit sa 70% ng cervical tumor. Tandaan na kahit na may impeksyon ay hindi ibig sabihin ay magkakaroon ng CIN o kaya naman ay magiging kanser. Hindi rin nakakamatay ng virus ang antibayotic.

Paano nagagamot ang CIN?

Ito ay nagagamot depende sa stage ng CIN.

Ano ang Pap test?

Ang paptest ay isang simple, mabilis, at hindi masakit na isinasagawa ng gynaecologist. Gumagamit ng instrumento ang duktor upang makakuha ng selula at ilalagay sa isang slide at ipapadala sa laboratoryo upang ito ay

masuri at dito makikita kung anong antas o stage ng kanser mayron ang isang tao.

Ang pap test ay ginagawa ng mga babaeng may edad na 25-65 years old. Kung ang resulta ng paptest hindi normal ay ipinapayo ang mas malalim na pagsusuri tulad ng colposcopy at ang pagsusuri ng HPV.

Tandaan:

- Ang pap test ay maaring maisagawa tatlong araw pagkatapos ng menstruation.
- Iwasan ang maglagay ng kahit anong uri ng cream sa maselang bahaging katawan 3 araw bago ang paptest
- Iwasan ang pakikipagtalik sa loob ng dalawang araw. Maari ring magpa-pap test kung buntis.

Cervical cancer: Paano maiiwasan?

Mayroong dalawang mabisang paraan para mabawasan ang posibilidad ng pagkakaroon ng kanser sa cervix:

- Maagang diagnosis ng CIN at
- pag-iwas sa HPV infection

Ang Pap test, ay ang pinaka-mabisang instrumento para sa maagang diagnosis ng CIN. Ang posibilidad na magkaroon ng kanser sa cervix ay bumaba ng 88% kung nagpapa-Pap test isang beses sa tatlong taon.

Upang maiwasan ang sakit, sa ngayon ay may dalawang bakuna: ang una ay ang proteksyon laban sa impeksyon at mga nasira na sanhi ng HPV 16 at 18, ang ikalawa naman ay laban sa impeksyon ng HPV 6 at 11. Ang bakuna ay ipinapayo sa mga babae na may edad na 25 taong gulang pataas bago ang unang pakikipagtalik. Ang bakuna ay ginagawa sa balikat. Mas epektibo ang bakuna kung maku-kumpleto ang 3 dosis.

Kailangan bang magbayad para sa Pap Test?

Hindi, ang National Health Service ay nagbibigay ng libreng pap test kada tatlong taon sa mga kababaihang may edad na 25-65 taong gulang. Ang test ay isinasagawa matapos ang preskripsyon ng family doctor. Kung hindi pa nakakapili ng medico di base, magtungo lang sa ASL na kinasasakupan.

Ang aking sweldo ay mababa. May karapatan ba ako sa exemption sa pagbabayad ng mga outpatient specialist care?

Oo, kung walang trabaho at kung ang sweldo ay mababa, ay matatanggap ang partial o total exemption para sa outpatient specialist care. Ngunit ito ay dapat na makita sa preskripsyon ng sariling duktor sa riseta ng National Health Service (SSN) kung nasaan rin ang exemption code na angkop sa bawat sitwasyon.

Ang mga kabilang sa exemption ay nasa listahan ng mga Rehiyon na maaaring konsultahin ng mga duktor. Kung dapat na may exemption at wala ang pangalan sa listahan ng mga exempted, ay pinapayuhang pumunta sa ASL District office at gumawa ng self-certification.

Ang ASL ay magsasagawa ng mga pagsusuri ng pagiging regular ng lahat bago ibigay ang exemption. Ang exemption ay kinikilala taun-taon kung walang trabaho ng Asl.

Libre ba ang bakuna sa HPV?

Ang bakuna ay libre (HPV 16, 18, 6 and 11) para sa mga batang babae na may edad na 11 at 12 taong gulang, at ginagawa lamang sa ASL na kinabibilangan matapos ang pagtawag nito.

Ang bakuna laban sa HPV 6 at 11 ay nakatalaga para sa mga kakabaihan hanggang 45 taon gulang, ngunit ito ay matatanggap matapos ang pagbabayad ng ticket na ang halaga ay depende sa bawat rehiyon. Sa Lazio ay 65 euros ang bawat dosis ng bakuna.

Nakalaan din ang 100 dosis na bakuna laban sa HPV sa panahon ng proyekto mula sa Sanofi Pasteur MSD. Ang bakuna ay ginagawa sa Centro Vaccino sa IFO – Regina Elena e San Gallicano (Roma) alinsunod sa batas at detalye ayon sa produkto para sa mga kababaihang pinayuhang magpa-bakuna.

Upang malaman kung paano matatanggap ang oportunidad na ito at para sa karagdagang impormasyon, lumapit lamang sa AIMaC (toll free number 840 503579, e-mail info@aimac.it)



Ang Lunas

Anu-ano ang mga sintomas ng tumor sa cervix?

Dapat isaalang-alang na sa simula ng sakit ay karaniwang walang sintomas, ngunit ang sintomas nito ay ang sumusunod:

- abnormal na pagdugo sa maselang bahagi ng katawan ng babae sa kala gitnaan ng dalawang mens, pagkatapos ng pagtatalik, o sa mga babaeng menopause na.
- lumalabas na maputi at di kanais-nais na amoy sa ari
- pananakit ng ari ng babae habang nakikipagtalik.

Paano ginagawa ang diagnosis ng tumor sa cervix?

Matapos ang check-up ng gynaecologist ay maaaring magbigay pa ng ibang analysis tulad ng colposcopy, ito ay nagpapahintulot na makita ang cervix sa malapitan at makakuha ng sample cells na ipapasuri sa laboratoryo. Minsan, kung matatagpuan ang presensya ng isang cervical intraepithelial neoplasia (Pag. 9), ay kakailanganin ang pagtatanggal mula sa serviks, ng isang “kono” ng tissue upang suriin ang buong pinsala sa mikroskopyo. Ang pamamaraan na ito ay tinatawag na conization, tumatagal ang pagsasagawa nito ng 5-10 minuto at karaniwang ginagamitan ng lokal na anestisiya o pangpamanhid. Ito ay maaring maghatid ng bahagyang sakit. Sa ilang mga kaso, ang conization ay nagbibigay-daan upang maalisan ang buong tumor at samakatuwid ay hindi na kinakailangan pa ang ibang treatment. Ang conization ay maaaring gamitan ng total anesthesia sa day hospital. Ito ay nangangahulugan na ilang oras lamang sa ospital at maaaring bumalik sa bahay sa parehong araw.

Batay sa resulta ng mga eksamen, ay maaaring sumailalim sa higit pang mga pagsusuri upang malaman ang tunay na kundisyon at maibigay ang pinaka-angkop na kagamutan.



Lunas

Ano ang gamot sa cervical cancer?

Ang pagpili ng treatment ay depende sa maraming aspeto tulad ng edad, kondisyon ng kalusugan at laong higit ang uri at lawak ng karamdaman. Ang operasyon, radiotherapy at chemotherapy ay higit na ginagamit na treatment sa cervical cancer.

Bago simulan ang anumang uri ng paggamot, obligasyon ng duktor na ipaliwanag ang bawat detalye nito, paano ito gawin at ang posibleng side effects nito. Kung ang mga impormasyon ay hindi malinaw, huwag mag-atubiling magtanong hanggang hindi perpektong nauunawaan. Kung ang lahat ay malinaw na, hihilingin ng duktor na pirmahan ang isang form (consensus) kung saan ibinibigay ang awtorisasyon sa mga duktor na simulan ang kinakailangang treatment. Walang treatment ang maaaring simulan sa kawalan ng pahintulot.

Ano ang higit na ginagamit na uri ng operasyon para sa tumor sa cervix?

Ang pagpipili ng uri ng operasyon ay depende sa lawak ng sakit. Ang pina-ka ginagamit na uri ng operasyon ay ang mga sumusunod:

- conization surgery
- hysterectomy surgery – operasyon ng pagtatanggal ng matris at pelvic lymph node •
- radical trachelectomy surgery -operasyon ng pagtanggap ng cervix, ng nakapalibot na tissue, sa itaas na bahagi ng maselan na bahagi ng katawan na babae at ng pelvic lymph node, ngunit hindi ng matris, para sa pagu-buntis matapos ang pagkakasakit.



Pagkatapos ng operasyon ay bibigyan ng intravenous fluid at mineral habang hindi pa nakaka-kain at nakaka-inom. Bibigyan rin ng pain releaver (analgesic). Sa sandaling ang stitches ay maalis, makalipas ang 4-6 na araw pagkatapos ng operasyon. Ang pakikipagtalik ay maaaring ipagpatuloy sa sandaling handa na muli ang pasyente ngunit ipinapayo ang paghihintay ng apat na linggo upang ganap na gumaling ang sugat.

Ano ang Radiotherapy?

Ang radiotherapy ay isang anti-tumor treatment na gumagamit ng mataas na enerhiya ng radiation upang patayin ang mga cancerous cell kasabay nito ang posibilidad na hindi mapinsala ang mga normal na selula. Mahalaga ang paghahanda bago gawin ang therapy upang maging epektibo ang resulta. Tinutukoy nito ang ilang x-rays na pagbabasihan ng mga duktur (radiaterapist) sa puntong didirektahan ng radiation pati na rin ang dosis. Ang radiotherapy ay maaaring gawin, bago at pagkatapos ng operasyon; at minsan ay maaaring isagawa bilang nag-iisang treatment.

Anu-ano ang uri ng radiotherapy ang higit na ginagamit sa cervical cancer?

Ang cervical cancer ay maaaring gamutin sa pamamagitan ng mga sumusunod na uri ng radiotherapy:

- External radiation therapy;
- brachytherapy;
- external radiation therapy plus brachytherapy.

Ang external radiation therapy ay ang paghahatid ng malakas na enerhiya ng radiation sa tumor. Karaniwang ang sesyon ay mula Lunes hanggang Biyernes. Ang uri at tagal ng gamutan ay batay sa laki ng tumor at sa lo-

kasyon nito.

Ang brachytherapy ay ang pagpapasok sa ari, gamit ang lokal na anestisiya, ng isang angkop na swab (hawig ng tampax) na nagtataglay ng materyales na radioactive.

Ang applicator ay mananatili sa loob ng ari sa 1-2 araw at sa ganitong paraan ay naghahatid ng isang mataas na dosis ng radiation sa serviks at sa naka-palibot dito. Ang brachytherapy ay nangangailangan ng maikling panahon sa ospital. Upang maiwasan ang pagkalat ng radiation, mananatili sa isang solong kwarto na nakahiwalay sa ward at protektado ng lead screen.

Upang maiwasan ang paggalaw ng swab, kailangang manatili sa kama sa panahong nasa loob ito ng ari. Isang manipis na tubo naman ang ipapasok sa pantog (catherter) para sa paglabas ng ihi.

Anu-ano ang mga side effects ng radiotherapy?

Ang radiotherapy ay maaaring maging sanhi ng pagkahilo, pagkapagod, pagtatae at hapdi kapag umihi. At dahil sa ang radiation ay apektado rin ang obaryo, ito ay maaaring magbigay ng mga sintomas ng menopause (pag-iinit ng katawan, dry na balat, pagkabalisa at depresyon), kawalan ng interes sa pagtatalik at pagkatuyo sa loob ng ari. Maaaring maging sanhi ng unti-unting pagkipot ng ari na dahilan ng bahagyang sakit sa pagtatalik. Mahalagang uminom ng marami, sundin ang isang maayos na diyeta sa panahon ng therapy at magpahinga hangga't maaari. Kung walang ganang kumain, isama sa diyeta ang soup o mga inuming high calories na mabibili sa mga malalaking botika.

Ang mga side effects ay maiibsan sa pamamagitan ng mga nabanggit sa itaas.

Ang mga side effects ay karaniwang unti-unting nawawala sa pagtatapos ng radiation therapy.

Ano ang Chemotherapy?

Ang chemotherapy ay isang therapy na pumapatay sa mga cancerous cell sa pamamagitan ng gamot, na iniiniksyon ng direktso sa ugat ng braso, kahit na sa ilang pagkakataon ay maaaring inumin sa pamamagitan ng tabletas.

Anu-ano ang mga side effects ng chemotherapy?

Dapat isaalang-alang na ang mga reaksiyon sa therapy ay nagbabago sa bawat pasyente at depende rin sa uri ng therapy.

Ang mga gamot ng chemotherapy ay maaaring pansamantalang bawasan ang puti at pulang selula ng dugo, at dahil dito ay regular na sasailalim sa blood analysis. Ang ibang side effects ay maaaring pagkahilo, pagsusuka, pagkalugas ng buhok, pagkawala ng gana sa pagkain. Ang duktor ay siguradong magbibigay ng payo upang mabawasan ang mga epekto nito. Gayunpaman, ang mga side effects ay maaaring mahirap labanan ngunit ang mga ito ay mawawala sa pagtatapos ng chemotherapy.

Pagkatapos ng therapies

Ano ang dapat gawin pagkatapos ng therapy?

Kapag natapos na ang therapy ay kailangang sumailalim sa periodical check-up sa mga espesyalista gayun din sa radiation o ultra sound, TAC at RMN. Sa simula, ang check-ups ay tuwing ika 3-6 na buwan, pagkatapos nito ay sapat na ang minsan sa isang taon.

Maari bang makipagtalik pagkatapos ng therapy?

Tiyak na posible ang makipagtalik pagkatapos ng therapy, dahil wala namang panganib para sa pasyente at sa kanyang partner. Maaaring ibalik ang buhay may-asawa ilang linggo matapos ang therapy.

Anu-ano ang mga epekto ng therapy sa sexual life?

Ang ilang mga treatment para sa tumor sa cervix ay maaaring magkaroon ng epekto sa sexual life. Halimbawa, ang operasyon ng pagtatanggal ng obaryo o ang radiotherapy na nagiging sanhi ng sintomas ng menopause: pag-iinit ng katawan, dry na balat, pagkabalisa at pagkawalang interes sa pagtatalik. Ang mga ito ay maaaring maging epekto ngunit ang doktor ay maaaring magpayo ng angkop na gamot upang maibsan ang mga ito. Laban sa pagkatuyo sa loob ng ari ay maaaring gumamit ng cream o lubricating gels. Kung ang radiotherapy ay naging sanhi ng pagkipot ng ari, ang pagtatalik ay maaaring maging mahirap at masakit. Sa kasong ito, ang doktor ay maaaring magpayo ng angkop na cream, ngunit ang regular na pagtatalik o ang paggamit ng plastic vaginal dilator, ay ang pinaka-madali at epektibong gamot.

Maari bang magka-anak?

Hindi ka maaring magkaroon ng anak kung tinanggal sa operasyon ang iyong matris at kung ang radiotherapy ay nakasira ng ovary..

Sino ang dapat lapitan upang magkaroon ng higit pang impormasyon at psychological support?

Hindi ka nag-iisa: isang network ng mga dalubhasang propesyonal ang mangangalaga sa iyo at magbibigay ng tulong sa panahon ng treatment. Kung nais, ay maaari ring makatanggap ng libreng psychological support o ang maging bahagi ng mga pagtitipon ng grupo ukol sa kalusugan. Kung mayroong mga katanungan o pag-aalinlangan, mag-log on sa www.womencancercare.it na nagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon ukol sa diagnosis, pag-iwas at lunas sa tumor sa cervix at sa breast at ukol sa mga angkop na proseso.

Bukod dito, sa anumang oras ay maaaring tumawag sa AIMaC helpline **840 503579** at e-mail **info@aimac.it**, mula Lunes hanggang Biyernes mula 9 am hanggang 7 pm na may mga libheng dalubhasa na makakasagot sa mga pangangailangan ng mga maysakit na kanser at sa kanilang pamilya.

Mula Enero 2014 hanggang Hunyo 2014 ay may pagkakataon na sumailalim sa gynaecological at senological check ups kasama ang mga cultural mediators (tagalog, chines, english) at ang psychologist na magiging tulay sa pagitan ng pasyente at ng duktur.

Mula sa Hulyo 2014 ay maaaring tumawag sa toll free number ng ASL na kinabibilangan para sa reservations ng mga check ups at screening. Mag-log on sa **www.womencancercare.it** upang malaman ang mga address ng mga ASL sa Roma at upang magkaroon ng higit pang impormasyon sa pag-iwas, diyagnosis at lunas ng servikal kanser.

FOREIGN
WOMEN
CANCER
CARE



FOREIGN WOMEN CANCER CARE

Progetto cofinanziato da



UNIONE
EUROPEA



MINISTERO
DELL'INTERNO

Fondo europeo per l'integrazione di cittadini di paesi terzi



Ospedale San Giovanni Calibita
Fatebenefratelli - Roma



Con la collaborazione e il patrocinio
del Centro per la Pastorale della Salute
del Vicariato di Roma

Inizia a prenderti cura di te, è un tuo diritto

Per informazioni e orientamento:

Help-line telefonica AIMaC Via Barberini 11, 00187 Roma

Num. Verde 840503579 • Tel. 06 4825107 • Fax. 06 42011216 • info@aimac.it • www.aimac.it

Dal lunedì al venerdì dalle 9.00 alle 19.00.

www.womencancercare.it